

Kahilingan para sa Kooperasyon sa Tutukang Panahon ng Pamamaraan ng Paglaban sa Impeksyon

Dahilan sa pagdami ng bilang ng impeksyon sa buong bansa, maaari ring dumami muli ang bilang nito sa Hokkaido. Kaya ang tutukang panahon ng pamamaraan sa paglaban ay pahahabain ng 1 buwan, lalo na Lungsod ng Sapporo na kung saan mataas ang numero ng impeksyon at maraming nakaconfine sa ospital.

Hanggang ngayon, malaki ang naging sakripisyo ng mga residente at mga negosyante, subalit patuloy na hinihiling na makiisa upang maiwasan ang paglawak ng impeksyon.

Pamamaraan ng Paglaban < 1/16 (Sabado) ~ 2/15 (Lunes) >

RESIDENTE AT NANANATILI SA HOKKAIDO

- **Iwasang magparoon parito sa mga lugar na sakop ng State of Emergency kung hindi kinakailangan.**
- **Kung hindi makakaiwas sa impeksyon**
 - Iwasang lumabas ng tahanan sa Sapporo kung walang mahalagang pakay.
 - Iwasang magparoon parito sa Sapporo kung walang mahalagang pakay
- **Mag ingat mabuti sa pag iwas sa impeksyon**
 - Hangga't maaari ay umiwas na makipag salu-salo sa mga hindi kasambahay.
 - Mag ingat na mabuti sa peligro ng impeksyon (magsuot ng mask, maghugas ng kamay at iba pa.), lalo na kung may plano na makipagkita sa taong magiging delikado ang buhay kapag nahawahan.
- **Kahilingan sa pagpapaikli ng oras ng negosyo, wastong pagkilos at iba pa.**
 - Iwasang pumunta sa mga lugar ng inuman o kainan (mga gumagana sa ilalim ng Artikulo 2, Talata 1, Item 1 ayon sa pagbibigay serbisyo ng mga negosyong ito) sa Sapporo simula 10 gabi hanggang 5 umaga ng kasunod na araw.
 - Iwasang pumunta sa mga lugar ng inuman o kainan, karaoke at iba pa sa mga lugar ng S3 hanggang S8 at W2 hanggang W6 maging sa mga nasa lugar ng Tanukikoji mula Tanukikoji 1 hanggang Tanukikoji 7 simula 10 gabi hanggang 5 umaga ng kasunod na araw.

PARA SA LAHAT NG NEGOSYANTE

- **Mga lugar ng inuman at kainan** (mga gumagana sa ilalim ng Artikulo 2, Talata 1, Item 1 ayon sa pagkontrol at kasaganahan ng negosyong ito at iba pa.) sa Sapporo, magsara simula 10 gabi hanggang 5 umaga ng kasunod na araw.
- **Restawran, karaoke, cafeteria, at iba pa.** sa lugar mula S3 hanggang S8 at W2 hamnggang W6 gayundin sa Tanukikoji mula Tanukikoji 1 hanggang Tanukikoji 7, magsara mula 10 gabi hanggang 5 umaga ng kasunod na araw.
- I check muli ang mga wastong pagpapatupad ng mga pamamaraan sa pag iwas sa impeksyon ayon sa mga gabay para sa bawat industriya.